Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
SCHOOLS DIVISION OF BULACAN

Agosto 17, 2022

**MEMORANDUM PANSANGAY Blg. 281, s. 2022**

**PAGPILI NG NATATANGING ULONG GURO SA ARALING PANLIPUNAN (ANTAS SEKUNDARYA)**

Sa mga: Hepe ng CID
Puno ng mga Paaralang Sekundarya
Sa iba pang Kinauukulan

1. Bilang pakikiisa sa taunang pagdiriwang ng **Buwan ng Kasaysayan** na may temang **"Kasaysayan, Kamalayan, Kaunlaran"**, ipinababatid ng Tanggapang Pansangay na magkakaroon ng pagpili ng natatanging Ulong Guro sa Araling Panlipunan (Antas Sekundarya) sa ika – 15 ng Setyembre, 2022 na may layuning:

a. Magamit ang nakalipas na kasanayan sa pagpapaunlad ng kasalukuyang kasaysayan,
b. Mapahalagahan ang pagkatuto ng mga Ulong Guro sa mahahalagang pangyayari sa bansa,
c. Maisabuhay ang mga kontribusyon/programang naisakatuparan sa departamento.

2. Kalakip nito ang kabuuang pamantayan sa pagpili ng natatanging Ulong Guro.

3. Inaasahan na ang Ulong Gurong kalahok ay nakapagsilbi na ng hindi bababa sa tatlong (3) taon.

4. Ang mga Ulong Guro na interesadong lumahok sa pagpili ay dapat maghanda ng 3 minutong *audio-visual presentation* na naglalaman ng sumusunod:

4.1 personal na pagkakakilanlan;
4.2 pagkilalang natanggap;
4.3 pilosopiya/adbokasiya bilang Ulong Guro; at
4.4 kontribusyon/programang naisakatuparan sa departamento.

5. Ang mga lalahok ay ibabatay ang kanilang performans sa nakaraang tatlong taon at higit pang panunungkulan.

8. Inaasahan ang malawakang pagpapalaganap at pakikiisa ng mga kinauukulan sa gawaing ito.

**ZENIA G. MOSTOLES, EdD, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

# PAMANTAYAN SA PAGPILI NG NATATANGING ULONG GURO SA ARALING PANLIPUNAN ( ANTAS SEKUNDARYA )

**A. Kwalipikasyon**

Bukas ang pagpili sa lahat ng ulong guro sa Araling Panlipunan sa Sangay ng Bulacan at taglay ang sumusunod:

1.1 hindi baba sa tatlong (3) taon ang panunungkulan
1.2 nakahandang sumunod sa mga panuntunan at patakaran ng pagpili; at
1.3 may malalim na pagmamahal sa bayan, kasaysayan at kultura.

**B. Krayterya sa Pagpili**

| NATATANGING ULONG GURO SA ARALING PANLIPUNAN | | | |
|---|---|---|---|
| ***Krayterya*** | ***Porsyento*** | ***Mga Patunay*** | ***Puntos*** |
| Kasanayan, Pagiging Epektibo at Ugnayan sa Komunidad | **25%** | 3 minutong audio-visual presentation | • Kaangkupan sa paksa *20 puntos*<br>• Teknikal (Presentasyon at Musika) *10 puntos* |
| Pinakamataas na Natamo sa Pag-aaral | **10%** | Lahat ng mga dokumento ay dapat na sertipikado ng mga awtoridad (TOR/Diploma) | • Doktoradong Antas *10 puntos*<br>• Kumpletong pangangailangang pang-akademiko (Doktorado) *8 puntos*<br>• Masteradong Antas *6 puntos*<br>• Kumpletong pangangailangang pang-akademiko (Masterado) *4 puntos*<br>• Kolehiyong Antas *2 puntos* |
| Mga seminar/palihan na dinaluhan | **15%** | Lahat ng mga dokumento ay dapat na sertipikado ng mga awtoridad (Hal. Katibayan ng Paglahok, Memorandum, Larawan, Naratibong Ulat) | • Internasyonal *5 puntos*<br>• Nasyonal *4 puntos*<br>• Rehiyonal *3 puntos*<br>• Dibisyon *2 puntos*<br>• Distrito/Paaralan *1 puntos* |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Parangal/Pagkilalang natamo bilang ulong guro | **10%** | Lahat ng mga dokumento ay dapat na sertipikado ng mga awtoridad (Hal. Katibayan ng Pagkilala, Memorandum, Larawan) | • Internasyonal *5 puntos*<br>• Nasyonal *4 puntos*<br>• Rehiyonal *3 puntos*<br>• Dibisyon *2 puntos*<br>• Distrito/Paaralan *1 puntos* |
| Tagapanayam/Tagapag salita sa mga seminar/palihan | **10%** | Lahat ng mga dokumento ay dapat na sertipikado ng mga awtoridad (Hal. Katibayan ng Pagkilala, Memorandum, Larawan) | • Internasyonal *10 puntos*<br>• Nasyonal *8 puntos*<br>• Rehiyonal *6 puntos*<br>• Dibisyon *4 puntos*<br>• Distrito/Paaralan *3 puntos* |
| Inobasyon (Ang ulong guro ang pinuno ng pangkat) | **20%** | Lahat ng mga dokumento ay dapat na sertipikado ng mga awtoridad (Liham Pahintulot, Mungkahing Papel, Sertipiko) | • Ipinatupad sa dibisyon *5 puntos*<br>• Ipinatupad sa distrito *4 puntos*<br>• Ipinatupad sa paaralan *3 puntos*<br>• Sinimulan ang pagsasagawa *2 puntos*<br>• Mungkahi pa lamang *1 puntos* |